

Paano Gumagana ang mRNA COVID-19 na mga Bakuna

Pag-unawa sa virus na nagdudulot ng COVID-19.

Ang mga coronavirus, tulad ng nagdudulot ng COVID-19, ay pinangalanan dahil sa mala-korona na mga tinik sa kanilang ibabaw, na tinawag na mga **'spike protein'**. Itong mga **spike protein** na ito ay mainam na mga target para sa mga bakuna.

Ano ang mRNA?

Ang Messenger RNA, o mRNA, ay isang materyal na genetiko na nagsasabi sa iyong katawan kung paano gumawa ng mga protina.

Ano ang nakapaloob sa bakuna?



Ang bakuna ay gawa sa mRNA na nakabalot sa isang patong na nagpapadali sa paghahatid at pinipigilan ang katawan na masira ito.

Paano gumagana ang bakuna?

Ang mRNA sa bakuna ay nagtuturo sa iyong mga selula kung paano gumawa ng mga kopya ng **spike protein**. Kung malantad ka sa totoong virus sa kalaunan, makikilala ito ng iyong katawan at malalaman kung paano ito labanan.

MAGPAPABAKUNA NA?

Para sa impormasyon tungkol sa bakuna sa COVID-19, bisitahin ang: [cdc.gov/coronavirus/vaccines](https://www.cdc.gov/coronavirus/vaccines)



Ang bakuna ay **HINDI** naglalaman ng **ANUMANG** virus, kaya hindi ka magkakaroon ng COVID-19. Hindi nito mababago ang iyong DNA sa anumang paraan.

Kapag tumugon ang iyong katawan sa bakuna, maaari itong magdulot minsan ng banayad na lagnat, pananakit ng ulo, o mga pangangatog. Ito ay lubos na normal at isang palatandaan na gumagana ang bakuna.

Antibody

Matapos maihatid ang mRNA ng mga tagubilin, sisirain ito ng iyong mga selula at tatanggalin ito.

